
# Mga paraan para matanggap ang iyong pera

Maaari kang tumanggap ng pera sa iba't ibang paraan. Halimbawa, kung nagtatrabaho at kumikita ka, maaari kang mabayaran na pamamagitan ng cash, papel na paycheck, direct deposit, o gamit ang payroll card.




Ang bawat isa sa mga paraan ng pagtanggap na ito ng pera ay may ilang potensyal na kapakinabangan at panganib, lalo na pagdating sa mga singil, seguridad, at kaluwagan. Ang pag-alam kung paano gumagana ang mga produktong ito, magkano ang gagastusin sa paggamit sa mga ito, at kung kailan ka papatawan ng mga dagdag na singil ay makakatulong sa iyong mapakinabangan nang husto ang iyong pera.

## Cash

| Depinisyon | Mga kapakinabangan | Mga panganib |
|---|---|---|
| Ang cash ay ang perang hawak mo.<br><br>**Tip:** Iwasan ang pagdala o pag-iwan ng malaking halaga ng pera sa bahay mo. | ▪ Tinatanggap halos kahit saan.<br><br>▪ Kapag gumagamit ka ng cash, hindi ka gumagawa ng utang na kailangan mong bayaran. | ▪ Mahirap o imposibleng mabawi ang perang nawala o ninakaw.<br><br>▪ Maaaring mahirap masubaybayan kung magkano na ang nagagastos mo.<br><br>▪ Wala kang rekord ng kabayaran na maaaring mahalaga para sa mga bayarin.<br><br>▪ Hindi mababayaran ang maraming uri ng bayarin o makakabili online gamit ang cash |

## Mga papel na paycheck

| Depinisyon | Mga kapakinabangan | Mga panganib |
|---|---|---|
| Ang paycheck ay isang tseke para sa iyong suweldo o sahod na inilaan para sa iyo. | ▪ Maaari mong ideposito sa isang checking o savings account nang libre.<br>▪ Karaniwang kina-cash ng isang bangko o credit union ang iyong paycheck nang libre.<br>▪ Mas ligtas kaysa sa pagdadala ng cash. Kung nawala o ninakaw, maaari itong kanselahin ng iyong employer at muling mag-issue ng tseke kung agad mo itong iuulat. | ▪ Kung wala kang account sa bangko, maaaring kang magbayad para i-cash ang iyong mga paycheck.<br>▪ Kung nagdeposito ka ng paycheck sa isang account sa bangko o credit union, maaaring hindi mo agad na makuha ang pera nang buo, at maaaring kang magbayad ng overdraft fees kung nag-withdraw ka ng mas higit pa kaysa sa kung ano ang mayroon ka sa iyong account. |

## Direct deposit: Checking o savings account

| Depinisyon | Mga kapakinabangan | Mga panganib |
|---|---|---|
| Direktang ipinapadala ang iyong suweldo o sahod sa iyong account sa bangko o credit union sa elektronikong paraan nang hindi gumagamit ng papel na tseke. Maaaring hindi inaalok ng lahat ng employer.<br><br>**Tip:** Itanong sa iyong employer kung paano magsaayos para sa direct deposit. Karaniwan, kung tinatanggap mo ang kabayaran sa iyo sa pamamagitan ng direct deposit, agad na mawi-withdraw mo ang pera mo na parang nagdeposito ka ng papel na tseke, o mas mabilis pa. Sa karamihan sa mga kaso, makukuha mo ang pera mo sa araw ng iyong suweldo. | ▪ Binabawasan ang iyong panganib na mawalan o manakawan, kumpara sa pagdadala ng cash o pagtanggap ng tseke.<br>▪ Mayroon kang mga proteksyon kung kinuha ang pera sa iyong account dahil sa elektronikong pagkakamali o pagnanakaw.<br>▪ Karaniwang makukuha mo agad ang pera.<br>▪ Maaaring mai-withdraw ang pera sa iyong account gamit ang debit card, ATM card, o mga personal na tseke.<br>▪ Maraming employer ang nagpapahintulot sa iyong hatiin ang iyong deposit sa pagitan ng checking at savings account. Makakatulong ito sa iyong mag-impok.<br>▪ Walang singil sa pagdeposito ng iyong tseke. Nag-aalok din ang maraming bangko at credit union ng mga checking at savings account nang walang buwanang singil kapag nag-set up ka ng direct deposit. | ▪ Sa pagtatabi ng pera mo sa isang account sa bangko, karaniwang kinakailangan mong pumunta sa isang ATM, sangay ng bangko, o lokasyon ng tanggapan para mag-withdraw ng cash kapag kailangan ito.<br>▪ Maaaring kailanganin mong magbayad ng overdraft fees kung magwi-withdraw ka ng mas marami pang pera kaysa sa kung anong mayroon ka sa iyong account.<br>▪ Maaaring may mga singil kung hindi mo gagamitin ang mga ATM na mula sa sarili mong bangko o credit union. |

## Mga payroll card

| Depinisyon | Mga kapakinabangan | Mga panganib |
|---|---|---|
| Isang prepaid debit card na isinaayos ng iyong employer. Awtomatikong ipinapadala ang iyong suweldo o sahod sa iyong payroll card sa elektronikong paraan, nang hindi gumagamit ng papel na tseke.<br><br>**Tip:** Hindi ka maaaring atasan ng iyong employer na tanggapin ang iyong sahod sa isang payroll card. Kailangan ka nilang bigyan ng hindi bababa sa isa pang opsyon (na maaaring kabilangan ng tseke, cash, o direct deposit sa iyong account sa bangko o credit union). | ▪ Binabawasan ang iyong panganib na mawalan o manakawan, kumpara sa pagdadala ng cash o mga tseke.<br><br>▪ Mayroon kang mga proteksyon kung kinuha ang pera mo sa iyong debit card account dahil sa elektronikong pagkakamali o pagnanakaw. | ▪ Maraming card ang nagpapataw ng mga singil dahil sa kawalan ng aktibidad, mga pagbili, paggamit ng ATM, mga buwanang singil, at marami pa.<br><br>▪ Kailangan mong pumunta sa isang ATM para mag-withdraw ng cash kapag kailangan ito.<br><br>▪ Maaaring mayroon ding mga singil kung hindi mo ginagamit ang mga ATM na mula sa bangko o credit union na nag-isyu ng card.<br><br>▪ Maaaring hindi ka makapagdeposito sa card ng perang galing sa iba pang mga pinagmumulan. |

## Mga prepaid card

| Depinisyon | Mga kapakinabangan | Mga panganib |
|---|---|---|
| Ipinapadala ang iyong suweldo o sahod sa isang prepaid card sa elektronikong paraan, nang hindi gumagamit ng papel na tseke. Ibinibigay mo ang impormasyon ng card sa iyong employer para mai-transfer nila ang pera sa card. | ▪ Maaaring mas ligtas at mas may seguridad kaysa sa pagdadala ng cash o mga tseke.<br><br>▪ Kung ipinarehistro mo ang iyong card at naberipika ito, mayroon itong mga parehong proteksyon sa mamimili gaya ng sa checking account o payroll card para sa mga pondong nakuha dahil sa elektronikong pagkakamali o pagnanakaw. | ▪ Maraming card ang nagpapataw ng mga singil dahil sa kawalan ng aktibidad, mga pagbili, paggamit ng ATM, mga buwanang singil, at marami pa.<br><br>▪ Kung hindi mo ipinarehistro ang iyong card, wala itong mga parehong proteksyon sa mamimili gaya ng sa checking account o payroll card para sa mga pondong nakuha dahil sa elektronikong pagkakamali o pagnanakaw.<br><br>▪ Maaaring limitado ka sa mga uri ng transaksyon kung saan magagamit mo ang card. Halimbawa, maaaring hindi mo magamit ang iyong prepaid card para sa mga bayarin.<br><br>▪ Kailangan mong pumunta sa isang ATM para mag-withdraw ng cash kapag kailangan mo ito. |

## Tungkol sa amin

Ang Kawanihan ng Proteksyong Pinansyal para sa Mamimili (CFPB) ay isang ahensyang pang-ika-21 siglo na nagpapaganap at nagpapatupad ng batas na pinansyal para sa mamimili at tinitiyak na ang mga merkado para sa produktong pinansyal para sa mamimili ay patas, malinaw, at may kumpitensya.

Alamin pa sa consumerfinance.gov

## Kumonekta sa amin

Magsampa ng reklamo
consumerfinance.gov/complaint

Ibahagi ang iyong istorya
consumerfinance.gov/your-story

Magtanong sa CFPB
consumerfinance.gov/askcfpb

Ibahagi ang iyong saloobin
facebook.com/cfpb
twitter.com/cfpb